

滋賀県 *Para sa mga dayuhan na nakatira sa Japan*
Kurso sa Pagpapabuti ng Kasanayan
sa Paghahanap ng Trabaho

Japanese para sa Trabaho

Caregiving

Kasanayan sa Kompyuter

Praktis sa Pagkuha
ng Interview



Itinuturo namin ang Hapon na ginagamit sa trabaho, kabilang ang para sa mga computer at caregiving, sa paraang madaling maintindihan.

Tumutulong din kami sa paghahanda para sa interbyu at sa pagsulat ng resume kapag naghahanap ng trabaho. Aprenda japonês usado no trabalho.

◆ Kung mag-aaral ka ng apat na buwan, makakakuha ka ng sertipiko. Magagamit mo ito sa paghahanap ng trabaho.

● Sino ang maaaring makilahok sa kurso?

- ① Mga long-term na residente, permanenteng residente, mga ptaong kasal sa permanenteng residente o Hapon, at mga dayuhang nakakuha ng pagkamamamayan ng Hapon .
- ② Nakakabasa/nakakasulat ng hiragana at katakana, at nakakapagsalita ng pangunahing Hapon.
- ③ Nag-apply ng trabaho sa Hello Work.

● Mga Detalye ng Kurso

Petsa ng Pagsisimula	Hulyo, Nobyembre, Marso
Tagal	4 na buwan
Bilang ng mag-aaral	Hanggang 15 katao
Gastos	Libre (Tekstong pang-aklat humigit-kumulang ¥4,700)
Iskedyul	18 araw kada buwan, 6 na oras kada araw
Araw ng pahinga	Sabado, Linggo, pambansang pista opisyal (May ilang oras ng pagsasanay kahit pista opisyal kung kinakailangan)

“Huwag mag-alala kung bago ka lang.
Tuturuan ka namin gamit ang madaling Hapon.”



● Mga Hakbang sa Pag-aapply sa Kurso

Mag-apply para sa kurso sa Hello Work

- ① Magparehistro bilang naghahanap ng trabaho
- ② Kumonsulta at magtanong tungkol sa mga nilalaman ng kurso
- ③ Mag-apply para sa Course
「しゅうしょくりょく 就職力スキルアップ科」



Dumalo sa orientation at magkaroon ng panayam

- ① Sumali sa isang oryentasyon.
- ② Paki-sagutan ang survey bago ang kurso at magkaroon ng panayam.



Puwede nang sumali kapag na-accept.

● Narito ang kurikulum



1. Wika ng Hapon

Gumagawa ka ng mga pangungusap sa wikang Hapon at nag-aaral din tungkol sa gramatika, pag-uusap, at kultura ng Hapon.

2. Mga Kasanayan sa Propesyon

Natututo ka ng mga kasanayang kapaki-

pakinabang sa trabaho, tulad ng Japanese business manners at komunikasyon.

3. Mga Batayang Kaalaman sa Pag-aalaga

Bilang mga pangunahing kaalaman sa pag-aalaga, nagsasanay ka sa paggalaw, pagkain, paggamit ng banyo, pagpapalit ng damit, pagtulong sa paliligo, at kung paano punasan ang katawan.



4. Kasanayan sa Kompyuter

Nagsasanay ka ng pag-input ng Japanese, pagsasaayos ng mga file, at paggawa ng mga hugis at talahanayan.

Pagsasanay sa Computer: Nagsasanay ka sa paggawa ng mga dokumento at ulat gamit ang Word at Excel para sa trabaho. Presentasyon: Natututo ka kung paano gumawa ng mga slide gamit ang PowerPoint, maglagay ng mga diagram at larawan, at kung paano mag-presenta.



5. Suporta sa Pagtatrabaho

Tinutulungan ka ng mga guro sa paghahanap ng trabaho. Matututuhan mo kung paano maghanap ng trabaho, gumawa ng job card, hanapin ang iyong "kalakasan" at linawin ang iyong dahilan sa pagpasok sa isang kumpanya. Magsasanay ka sa paggawa ng mga dokumento sa aplikasyon at panayam. Magkakaroon ka ng personal na konsultasyon upang tulungan ka sa paghahanap ng trabaho.



● Mga Nakaraang at Darating na Kurso

Taon	buwan	Mga paaralan upang ipatupad	lokasyon
2026	Hulyo	Career College ITOGEN	Minakuchi cho, Koka City
	Nobyembre	PC College Stac	Ikeda cho, Omihachiman City
2027	Marso	Career College ITOGEN	Minakuchi cho, Koka City

● Techno College Maibara

(Shiga Prefectural Vocational Training Center, Maibara Campus)

411-1 Iogii, Maibara City, Shiga 〒521-0091 ☎ 0749-52-5300

Coordinator for Foreign Residents' Training

Website: <https://www.pref.shiga.lg.jp/kougij/>

Facebook: <https://www.facebook.com/kogisen.maibara>



Website



Facebook

● Shiga Prefectural Department of Commerce and Labor, Labor Employment Policy Division

4-1-1 Kyomachi, Otsu City (Shiga Prefectural Government East Building 4F) 〒520-8577

☎ 077-528-3755